DIKLAP

Limampu't dalawang taong naglilingkod.
Limampu't dalawang taong minamahal
ng sambayanang Pilipino.

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
SOUTH QUEZON - BONDOC PENINSULA

**ISYU BILANG 17**
**ENERO-MARSO 2021**

# Tuloy-tuloy na Biguin ang Kontra-Rebolusyunaryong Gera ni Duterte!

## Ibagsak ang Teroristang Rehimen at Papanagutin sa Kriminal na Kapabayaan sa Panahon ng Pandemya!

Hindi naglubay ni isang saglit ang matinding atake sa buhay at kabuhayan ng mamamayan sa ilalim ng militarista at teroristang rehimen ni Digong Duterte simula nang pakawalan niya ang maruming gera kontra CPP-NPA sa ilalim ng JCP Kapanatagan, na lalong pinababangis ng mga Heneral sa loob ng NTF-ELCAC. Para kumpletuhin ang sangkap ng pagsupil sa anumang oposisyon at nakikibakang sibilyang mamamayan, isinabatas ang Anti-Terrorism Act of 2020.

Sa natitira pang kulang 500 araw ni Digong Duterte sa Malakanyang tiyak na lalo pa itong iigting, mas babangis at higit na madugo. Patunay dito ang sabayang pag-atake ng sundalo at pulis sa opisina at bahay ng mga progresibong lider sa Southern Tagalog noong unang linggo ng Marso

*(sundan sa pahina 2)*




**BASAHIN** ang pahayag ni Ka Cleo del Mundo sa Hablahang Suarez *(pahina 8)*

**Tampok na Lathalain:**
Perwisyo ang dala ng Barangay Development Program *(pahina 9)*

# Tuloy ang FMO ng AFP, Tuloy din ang paglaban ng NPA

Hudyat ng unang putok ng taon ang matagumpay na ambus na isinagawa ng NPA-Quezon sa tropa ng mersenaryong sundalo na naglulunsad ng focused military operation sa probinsya ng Quezon simula pa noong nakaraang taon.

Sakay ng dalawang Hummer truck ang tropa ng 85IB nang matambangan ito ng isang yunit ng NPA sa Barangay Dela Paz, sa bayan ng Buenavista noong hapon ng Enero 22. Napahinto ng putok ang sasakyan ng sundalo na nagresulta sa isang patay at sugatang sundalo.

Nagkaroon naman ng labanan sa Sityo Bayabas, Barangay Bolo, sa bayan ng Mulanay noong hapon ng Pebrero 2. Nasundan pa ito ng labanan noong madaling araw ng Pebrero 5 sa Barangay Masaya, Buenavista na ikinamartir nina Ronel "Ka Marwin" Batarlo at Eduardo "Ka Resty" Torrenueva.

Sugatan sa nasabing labanan at naging POW (bihag ng digma) si Ka Marco.

Inamin mismo ng 85IB ang tinamo nilang kaswalti noong Pebrero 5, anila, namatay ang tatlong sundalo kabilang ang tenyenteng si Romeo Sabio, Jr. sa mga sumunod pang labanan noong araw ding iyon.

Sa kabilang banda ay pinabulaanan ng AMC-NPA ang pahayag ng 85IB na nagkaroon pa ng mga kasunod na

*(sundan sa pahina 5)*

**Tuluy-tuloy...** mula sa p.1

– sa loob ng magdamag, siyam ang pinaslang, anim ang iligal na inaresto, at marami pa ang napilitang magtago para iligtas ang sarili sa pangambang mataniman din ng baril at pasabog, at ideklarang nanlaban kaya napatay.

Nangyari ito matapos sabihin ni Duterte na patayin ang lahat ng komunista at balewalain na ang karapatang tao. Kahit noong nakaraang Kapaskuhan, walang kahihiyang isinantabi ni Duterte at ng AFP-PNP ang tradisyunal na tigil-putukan para bigyang puwang ang selebrasyon ng Pasko at Bagong Taon ng isang bansa na karamihang mamamayan ay Katoliko.

Malamang, habang iniaanunsyo ni Meyor Digong at ng kanyang mga Heneral na hindi sila magdedeklara ng ceasefire at sa halip ay tuluy-tuloy ang operasyon laban sa CPP-NPA, ang nasa likod ng isip nila ay ang



masarap na putahe sa mesa at talaksan ng salapi mula sa papasko ng kanilang mga patron, habang ang kanilang karaniwang kawal ay naroon sa kaigtingan ng gera na hindi makauwi kahit sabik-na-sabik sa kanilang mga pamilya.

Noong 2020, sa South Quezon-Bondoc Peninsula (SQBP), umabot sa 11 labanan sa pagitan ng pulang hukbo at pasistang sundalo ang idinulot ng tuluy-tuloy na operasyong kombat ng 59IB at 85IB, katuwang ang pulisya at CAFGU. *(basahin ang Ronda Gerilya)*

Pagpasok ng bagong taon, kaagad na inaryahan ni Duterte ang tuluy-tuloy na focused military operations sa iba't-ibang panig ng bansa. Sa lalawigan ng Quezon, sa unang linggo pa lamang ng Enero ay hinalihaw na ng pasistang tropa ang karamihan sa mga bayan na saklaw ng SQBP.

Dalawang labanan na noong Pebrero 2 at 5 ang naganap sa bayan ng Mulanay at Buenavista na nagresulta ng ligalig sa 22 baryo ng 4 na bayan sa SQBP. Tinatayang aabot sa halos 30,000 sibilyang populasyon ang naapektuhan ng pambobomba at pang-iistraping gamit ang bagong biling mga helicopter na pinagamit sa 201st Infantry Brigade at 2nd IDPA.

Bukod pa rito ang focused military operation sa dalawampung baryo sa mga bayan ng Catanauan, Lopez, Macalelon at General Luna.

Sa halip na seryosong ibaling ng gubyernong Duterte ang lahat ng kanyang pagsisikap para mabigyang kalutasan at lunas ang pandemyang Covid-19, kibit-balikat siya rito. Hindi ang paglutas sa isang taon nang pandemya ang nasa sa prayoridad ni Duterte.

Kung ang lahat ng bansa sa buong daigdig ay nagmamadali sa pagpapabakuna sa kanilang mamamayan, ang Pilipinas ay nananatiling kulelat sa pagsisikap ng gubyerno nito na mapabakunahan kahit man lamang ang mga pinakamaaaring mahawa na senior citizen, manggagawang pangkalusugan at iba pang indibidwal na nasa prontera ng pagsugpo sa Covid-19.

Sa kabilang banda, nangunguna ang bansa sa buong South East Asia sa pinakamaraming nahawa at namatay dahil sa sakit.

Ang nasa prayoridad ng mga pakana ni Duterte ay ang pagpapanatili sa kanyang kapangyarihan lampas pa sa 2022. Ang nasa unahan ng programa ni Duterte ay ang pagtitiyak sa tuluy-tuloy na pagkulimbat sa kabang-yaman ng bansa. Ang nasa unahan ng programa ni Duterte ay ang pagsusumamo sa dalawang amo habang namamangka sa dalawang ilog ng Amerika at Tsina.

Suporta at pondo para sa gera ang ipinaninikluhod ni Duterte sa Estados Unidos. Asal-bata siya sa kunwang pakikipagbangayan sa US para makasingil ng utang dahil sa pangakong kagamitang pandigma na hindi pa dumarating hanggang ngayon. Nagbanta pang kakanselahin na ang Visiting Forces Agreement dahil lamang sa hindi naaprubahan ang visa application ng katoto niyang si Senador Bato dela Rosa. Ang totoo, parang pitsa sa larong ahedres ang turing ni Duterte sa bansa – isinusuong ang sariling soberenya sa unahan ng labanan ng mga hari.

Kusang nagpapasaklot si Duterte sa kuko ng agilang Amerika, sa gayon ay may depensa siya sa paninindak

*(sundan sa sunod na pahina)*

Ang DIKLAP ay ang rebolusyonaryong pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas - Marxismo-Leninismo-Maoismo sa South Quezon-Bondoc Peninsula. Ito ang boses ng mamamayang nakikibaka at tagapamandila ng mga tagumpay ng digmang bayan sa SQBP.

Para sa inyong mga komentaryo, katanungan, panukala at mga kontribusyon, makipag-ugnayan lamang o i-email kami sa: diklapquezon.ph@gmail.com

ng maton ng West Philippine Sea na bansang China.

Para naman sa pakinabang ng programang Build-Build-Build ang inaasahan ni Digong Duterte mula sa China. Mapapahagalpak ka ng tawa sa tinuran ng tagapagsalita ni Duterte na si Harry Roque na nagpapanibagong silang daw ang imprastraktura sa panahon ni Duterte. Ano ang muling pagsilang ng imprastraktura sa hindi malutas-lutas na problema ng trapiko sa EDSA at kulang na silid-aralan sa mga iskwelahang pampubliko at makupad-pa-sa-pagong na internet service para sa online classes?

Paulit-ulit na pagkadurog ng pangarap ng mamamayang Pilipino ang hatid ng Build, Build, Build na sa kaibuturan ay pistang piging para sa imperyalista, panginoong maylupa at burgesya kumprador.

Hindi maaring basta talikdan na lamang ni Duterte ang relasyon niya sa US at China kahit ang kapalit nito ay ang paglalagay ng etiketa ng presyo sa soberanya ng bansang Pilipinas. Kalakal na itinatyangge ni Duterte ang kasarinlan ng bayan. Ang pagbawi ni Duterte ng kanyang katapatan alinman sa US o China ay mangangahulugan ng pagtalikod rin sa salapi at kapangyarihang hinding-hindi niya kayang bitiwan kahit pa matapos ang kanyang termino sa 2022.

Kabi-kabila ang pakana ni Duterte para matiyak ang kontrol at konsolidasyon ng kanyang gubyerno bilang paghahanda sa pananatili sa puwesto o pagsasalin nito sa pipiliin niyang kasunod – charter change para baguhin ang sistema ng gubyerno, kaltas-buwis para pansuhol sa mga patrong kapitalista, pinalobong pondong militar para sa kanyang mga Heneral, batas kontra-terosismo para supilin ang lahat ng oposisyon, at maruruming gera para tapatan ang armadong paglaban ng mamamayan.

> **“Hindi sa Covid mamamatay ang mga maglulukad kundi sa gutom kung magpapadala sa pambobola at pananakot ni Duterte.**

Ang pag-iisantabi ng pamahalaang Duterte sa paglutas sa pangunahing problema sa pandemyang Covid-19 na nagresulta sa lalung pagkalugmok ng bansa sa walang kapantay na krisis pang-ekonomya at pampulitika ay dahil sa maitim na hangarin nitong manatili sa kapangyarihan ang kanyang angkan at kampon lampas ng kanyang termino at paghandaan ang Eleksyong 2022.

Sa lalawigan ng Quezon, lalong naging miserable ang pamumuhay ng mga magniniyog sapul nang ipataw ni Digong Duterte ang paghihigpit sa galaw ng mga tao sa panahon ng pandemya.

Sa huling pagkukuwenta, ang isang pamilyang magsasaka na may limang myembro ay dapat na may ₱7,036 kada buwan para sa kanyang pangunahing pangangailangan. Dahil umaasa sa napakaliit na kita sa paglulukad at kakarampot na ayuda, umabot lamang sa ₱2,420 ang pinapagkasya ng isang pamilya. Ang mga dating dagdag na pinagkakakitaan kagaya ng pagtityangge ay ipinagbawal dahil hindi na puwedeng magbyahe ng kalakal mula sa sakahan papuntang sentrong pamilihan sa mga barangay at kabayanan. Hindi rin maasahan ang dagdag na kita sa pagpapaupa at pag-uuling dahil nilimitahan ang gawaing produksyon sa mga linang nang ipatupad ang lockdown. Hindi sa Covid mamamatay ang mga maglulukad kundi sa gutom kung magpapadala sa pambobola at pananakot ni Duterte.

Ang paparating na Eleksyon sa 2022 ay tiyak na magiging tagisan din ng magbabanggaang blokeng Suarez at Tan. Nangangarap ang kampo ng kasalukuyang Kongresista ng ikaapat na distrito na si Dra. Helen Tan na makuha ang pamprobinsyang pamahalaan mula sa palit-palitang pag-okupa ng mag-amang Danny at Jayjay Suarez. (basahin ang Ang Gabay ni Ka Armine de Guia p.6)

May malaking impluwensya sa kalagayan ng lalawigan ang mga kaganapang pampulitika at krisis pang-ekonomya sa pambansang antas. Siguradong kinikilatis mabuti ni Duterte ang mamanukin niya sa Eleksyong 2022. Pero alinman kay Suarez at Tan ang piliing suportahan ni Duterte, nakakatiyak na hindi ito sa batayan ng pagsusulong ng interes ng mamamayang Quezonin.

Kukuhanin ni Duterte ang katapatan ng sinumang nagnanais na maging punong panlalawigan sa batayan ng pagsusulong nito ng programa at patakarang lalong magpapabundat sa mga dayuhan at lokal na kapitalista at panginoong maylupa. Itataas ni Duterte ang kamay ng sinumang magsusulong ng kontra-rebolusyunaryong gera para patuloy na tangkaing talunin ang CPP-NPA sa probinsya.

*(sundan sa sunod na pahina)*

**Tuluy-tuloy...** mula sa p.3

Nananatiling kabilang sa listahan ang Apolonio Mendoza Command ng NPA sa pangunahing target ng paglipol ng JCP-Kapanatagan at NTF-ELCAC. Matagal nang gigil-na-gigil ang kasalukuyan at mga nagdaang rehimen na puksain ang rebolusyunaryong kilusan sa Quezon.

Mabibigo ang rehimeng US-Duterte! Lilipas at maaaring pumalit ang mga susunod pang papet, pahirap at pasistang rehimen subali't mananatili at patuloy na lalakas ang pagrerebolusyon ng mamamayang Pilipino at tiyak ang maaliwalas na rebolusyonaryong bukas.

Kailangang managot sa sambayanan ang mamamatay taong rehimeng US-Duterte! Hindi na makapaghintay ng susunod na halalan ang sambayanan. Sa kasalukuyan, labis ang pagkamuhi at sa gayon ay namumulat at kumikilos ang mamamayang Pilipino upang usigin at papanagutin si Duterte at ang kanyang kampon sa kanilang kriminal na kasalanan. Kumikilos ang sambayanan upang ilunsad ang lahat ng anyo ng paglabang armado at di-armado para patalsikin at ibagsak ang rehimeng Duterte. Ang mga ito ang magtitiyak na mapapanagot si Duterte at mga kasapakat niya sa kanilang mga krimen at terorismo, at sa dakong huli'y tiyak na magtatapon sa kanila sa basurahan ng kasaysayan.

Ang patuloy na pagsusulong ng digmang bayan sa pangunguna ng New People's Army ang magpapahina at wawasak sa pundasyon ng paghahari ng pasismo at terorismo ng estado sa Pilipinas. Walang ibang lunas sa kasalukuyang krisis kundi ang paglaban ng sambayanang Pilipino. Walang ibang landas tungo sa tunay na kalayaan, kasaganaan at kapayapaan kundi ang pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan.

RONDA GERILYA

# 2020: Bigo ang FMO laban sa NPA sa panahon ng pandemya

Noong 2020, binigo ng NPA-Quezon ang focused military operations ng 201st IBde, 2nd IDPA at PNP-Calabarzon sa pinagsanib na operasyon ng mga panagupang batalyon nito gamit ang 59IB, 85IB, Division Reconnaisance Company ng Philippine Army at ng RMFB-Region IV-A.

Noong Enero 18 ang unang labanan ng taon ng pulang hukbo at pasistang sundalo. Naganap ito sa Barangay Pisipis, Lopez na ikinamatay ng dalawang elemento ng 85IB.

Noong Pebrero 14, matagumpay na inambus ng AMC-NPA ang isang sasakyan ng pulis sa barangay San Juan, San Narciso. Tugon ito sa malaon nang reklamo ng taumbayan sa pangongotong at pagiging protektor ng iligal na gawain ng mga pulis sa naturang bayan.

Marso nang ianunsyo ang pandemyang Covid-19 sa buong mundo, isang pangyayaring nagtulak sa United Nations para manawagan na magdeklara ng tigil-putukan ang lahat ng armadong organisasyon sa daigdig nang sa gayon ay maituon ng lahat ang pagsisikap sa pagharap sa nakamamatay na sakit. Kapwa tumugon ang rebolusyunaryong NPA at pasistang AFP sa magkahiwalay na unilateral ceasefire.

Ginamit at sinamantala ng AFP ang pagkakataon upang patraydor na atakehin ang NPA. Hindi naglubay bagkus tumindi pa ang operasyong militar ng AFP-PNP. Noong Marso 15 sa San Vicente Kanluran, Catanauan, madaling araw nang lusubin ng 59IB ang namamahingang NPA. Dahil handa ang mga pulang mandirigma, nabigo at namatayan pa ng dalawang elemento ang mga sundalo,

Walang tigil na operasyon ang inilunsad ng AFP sa panahon ng tigil-putukan sa tabing ng kampanya sa pagsugpo sa Covid-19. Walang kahihiyan nilang sinasabi na ang ginagawa nila ay para pigilan ang pagkalat ng sakit. Dahil rito, dalawa pang magkasunod na labanan noong Marso 31 at Abril 1 ang naganap na ikinamartir ng dalawang NPA na tumutupad sa tigil-putukan.

Nangyari ang magkasunod na labanan sa Barangay Mabunga, Gumaca at Barangay Whitecliff, San Narciso.

Hulyo 13 sa Barangay Anyao, Catanauan muling napasagupa ang NPA sa umaatakeng tropa ng 85IB. Kaagad silang pinutukan ng mga NPA na ikinasawi ng dalawang sundalo.

Matapos ito ay nagpatuloy ang malakihang mga operasyon ng sundalo, pulis at paramilitar sa South Quezon-Bondoc Peninsula. Mahigit 50 barangay ng 9 na bayan ang sabay-sabay na sinaklaw ng operasyong kombat ng AFP.

Noong Hulyo 29 habang nag-aaral at naghahanda ang isang yunit ng AMC-NPA para sa medical mission, namonitor ng mga pulang mandirigma ang papalapit na mga sundalo kaya aktibong nagdepensa sila na nagresulta ng tatlong kaswalti sa hanay ng 59IB. Kasama sa napatay si Lt Jay-ar Layuraga. Naganap ito sa Brgy. Vista Hermosa, Macalelon.

Dahil sa labis na desperasyon ng AFP na makabawi sa ilang sunod-sunod na pagkabigo ng kanilang mga atake, lalo nilang pinasinsin ang mga operasyong militar na inilulunsad. Dalawa pang magkasunod na labanan ang nangyari noong Agosto 13 sa Barangay Talisay, San Andres at Setyembre 15 sa Barangay Abuyon, San Narciso na ikinasawi ng dalawang sundalo ng 85IB.

Sa huling kwarter ng taon, tatlong labanan pa ang naganap sa kasagsagan ng pananalasa ng magkakasunod na bagyo. Matapos ang bagyong Quinta, isang engkwentro ang nangyari sa Barangay Lavidez, General Luna noong Oktubre 29. Dalawa pang labanan ang naganap sa Barangay Lahing at Barangay San Nicolas, Macalelon pagkatapos naman ng bagyong Ulysses noong Nobyembre 12 at Nobyembre 15.

Sa pananalasa ng Bagyong Rolly, Siony at Tonyo, nagkakailan pang pag-atake ng mga sundalo ang iniwasan ng NPA para magsaalang-alang sa kalagayan ng mga barangay na nasalanta ng kalamidad.

*(sundan sa sunod na pahina)*

## Bantay Karapatan

### Paglabag sa karapatang tao ang ganti ng AFP sa kanilang pagkatalo




Noong huling kwarter ng 2020, pagkatapos ng sunud-sunod na labanan sa pagitan ng NPA at AFP sa kasagsagan ng pananalasa ng mga bagyo, malinaw na paghihiganti sa kanilang kabiguan ang tuluy-tuloy na atake ng pasistang sundalo sa mga sibilyan.

Buo-buong barangay ng Lavidez sa General Luna at barangay P.Herrera, Lahing, Malabahay, San Vicente at San Nicolas sa Macalelon ang sapilitang pinalikas ang residente at tinakot na bobombahin ang mga barangay.

Resulta nito, hindi nakapunta sa kanilang sakahan ang mga tao, nagpatupad ang AFP-PNP katulong ang LGU ng mahigpit na checkpoint, paghahahamlet, blokeyo sa pagkain at iba pang mapanggipit na hakbang sa mga nabanggit na bayan.

Ang relief operation ng simbahan at pribadong institusyon ay hindi pinahintulutan ng LGU kasabwat ang sundalo at pulis dahil sa hinalang may kaugnayan sila sa progresibong samahan.

Noong Nobyembre 14, biktima ng pagpaslang si Mando Buisan, dating kagawad ng Magsaysay, General Luna. Si Buisan ay sapilitang pinasuko ng 85IB matapos maaresto sa bahay niya si Alex Pacalda.

Pinapakalat ng AFP na sa labanan ng sundalo at NPA namatay si Buisan, gayong saksi mismo ang asawa niya sa pagpaslang.

May mga iligal na inaresto, tinakot, sinaktan at pinaamin na may kaugnayan sa NPA, kabilang ang mga magsasakang sina Elsi Moreto, Ruel Paminial at Dante Lorella.

Noong Nobyembre 15, sa Olongtao Ilaya, Macalelon, walang-habas na pinagbabaril ng mga sundalo ang pinaghinalaan nilang NPA na muntik-muntikan nang ikadamay ng mga residenteng sibilyan at kanilang kabahayan.

Marami ang piniling mag- Pasko at Bagong Taon sa ibang lugar o kaya ay pinalipas na lamang ito nang walang selebrasyon dahil hindi umaalis ang sundalo sa kanilang lugar at doon nag-iinuman.

**2020: Bigo...** *mula sa p.3*

Sa huling tatlong labanan noong 2020, walang tinamong pinsala sa panig ng pulang hukbo, taliwas ito sa balita na inilabas ng AFP na may 12 kaswalti ang NPA kabilang ang mga babaeng gerilya sa isang labanan sa Macalelon.

Sa buong 2020 ay may kabuuang 11 na kumpirmadong napatay sa hanay ng pasistang tropa sa 11 labanan mula Enero hanggang Setyembre. Hindi pa dito kasama ang mga sugatang sundalo at tala ng kaswalti sa huling tatlong labanan.

Dalawang pulang mandirigma naman ang namartir sa panahong ito.

Sa pagpasok ng bagong taon ng 2021 ay wala pa ring tigil sa pag-atake ang AFP sa ilalim ng pinabangis na JCP-Kapanatagan. Malaki ang problema ng mga Heneral ng AFP at ni Digong Duterte, lumipas na naman ang itinakda nilang dedlayn pero ang tangi nilang napatunayan ay hindi nila kailanman makakamit ang pangarap na pawiin sa balat-ng-lupa ang CPP-NPA.

**Tuloy ang FMO...** *mula sa p.1*

labanan sa pagitan ng NPA at AFP matapos ang engkwentro nang madaling araw.

Ginawang dahilan ng pasistang 201st Brigade ng Philippine Army ang nasabing pagkamatay ng kanilang sundalo para pagtakpan ang malamang na misencounter sa kanilang hanay dahil sa dami ng idineploy nilang tropa sa lugar. Malaking posibilidad rin na namatay sa friendly fire ang mga sundalo dahil sa pambobomba at istraping na tumagal hanggang Pebrero 8.

Malaki ang naging pinsala sa buhay at kabuhayan ng residente sa mga lugar na naapektuhan ng clearing operations ng pasistang tropa ni Duterte. Hindi nangingimi si Duterte na isakripisyo ang mamamayang sibilyan para sa maruming gera sa ilalim ng JCP-Kapanatagan na nangangarap durugin ang rebolusyunaryong kilusan. Ito ang patunay sa teroristang katangian ng AFP.

## Pagpapalayas sa Kampo ng Sundalo, Pinipetisyon ng Taong Barangay sa Macalelon

Talamak at karaniwang balita sa mga barangay na tinayuan ng kampo ng sundalo at bahagi ng operasyong militar ang kaganapang pamamaril at pambubulabog ng mga lasing na sundalo. Karaniwang pangyayari rin ang nakawan ng manok para gawing pulutan. Mas malala pa, nagpapakalat ang sundalo ng pornograpiya at bastos na bidyo, bisyo kagaya ng pagsusugal at nagdadala ng droga sa mga kabataan.

Sadyang ginagawa ng sundalo ang panliligaw at kalaunan ay binubuntis ang kababaihan sa baryo para mapalapit sila sa lokal na pamayanan.

Ilan lamang iyan sa bulok na kaugalian ng bayarang sundalo na nagsasabing ipagtatanggol nila ang bansa sa mananakop. Mga halimbawa ito ng JCP-Kapanatagan na ang tototo ay ligalig ang dulot sa baryong saklaw ng kanilang operasyon at kampo lalo sa panahon na inilulunsad nila ang RCSP o Retooled Community Support Program.

Sa Brgy. Vista Hermosa, sa Macalelon itinayo ang isang CAFGU Detachment para magbantay sa ginagawang dam sa lugar. Noong Enero 31, biglang namaril ang mga sundalo habang sila ay nag-iinom at lasing. Nakapinsala at nakapatay sila ng kabayo na gamit sa araw-araw na hanapbuhay ng isang magsasaka.

Ani ng taumbaryo, "hindi ka makakaramdam na ligtas ka sa araw-araw dahil laging nagpapaputok ang mga lasenggong sundalo at Cafgu."

Kaya't nagpasya ang taumbaryo na ipetisyon ang pagpapalayas sa kampo ng sundalo para sa kanilang kapanatagan at kaligtasan. Sinuportahan ng Sangguniang Barangay ang petisyong ito.

# Ang Gabay ni Ka Armine de Guia

## Suarez vs Tan

Kumusta na mga giliw kong mambabasa! Sana ay nasa maayos kayong kalagayan sa gitna ng kabi-kabilang problema ng ating bayan. Umiiwas na nga tayo sa pandemyang Covid-19, inaatake pa tayo ng FMO ng sundalo!

Saan ka pa susuling? Kundi sa pinakamalapit na himpilan ng NPA. Dito sa aming kampuhan, tiyak na ipinapatupad ang mga health protocol para ligras sa sakit. At araw-araw na pinagpaplanuhan at isinasagawa ang pagbigo at paglaban sa focused military operation. Kaya huwag mahihiyang magtanong ha, kung merong NPA na malapit sa inyong baryo -- para tiyak na ligtas ka!

Nais kong talakayin itong isa pang mainit na usapin sa ating lalawigan. Dahil usung-uso rin laang naman ang tupada ngayon, tiyak na inaabangan ninyo rin ang papalapit na sabong ng Suarez at Tan.

Hayaan ninyong gabayan ko kayo kung kanino ba kayo *pupusta.*

Ang maagang paglulustay ng salapi ng magkabilang kampo mula pa noong 2019 para langisan ang kani-kanilang makinaryang elektoral ay patunay na hindi sesentro sa interes at kagyat na karaingan ng mamamayang Quezonin ang kampanyahan sa susunod na taon. Sa halip, maaasahang sasandig sa subok at napatunayang pamamaraan ng mga trapo ang halalan sa 2022 – guns, goons and gold.

Parehong armado at mapanganib ang nagriribalang paksyong pampulitika sa lalawigan. Parehong nagtitipon ng sarisariling maton na protektado ng pulisya at militar para gumamit ng puwersa at karahasan. Parehong may pinapalang nakatimbon na salapi para ipambili ng boto.

Kopo ng pamilya Suarez ang mahahalagang pusisyon sa lalawigan, kabilang na ang nailusot na pekeng Alona Partylist. Sa magkakasunod na termino ng mag-amang Danny at Jayjay Suarez, naging pabaya sila sa kapakanan ng mamamayan sa probinsya. Hindi natugunan ang malaon na kahilingan ng magsasaka sa niyugan para sa ayudang salapi at pagkain bilang pag-agdong buhay sa nagdaang mga kalamidad at krisis.

Taong 2014 pa, pagkatapos ng bagyong Glenda, hinding-hindi na naibangon ng mga Suarez ang probinsya. Kahit sa katindihan ng mababang presyo ng kopra noong 2018 na nagpagbagsak sa kabuhayan ng magniniyog na lalong pinadapa ng tagtuyot ng sumunod na taon, nanatiling imprenta sa damit at bag ang islogang Serbisyong Suarez.

Sa halip, barya-baryang tulong sa piniling kapanalig ang inihatid ng mga Suarez, kasabay ng kakarampot na bigas kapag dinadaanan ng bagyo ang probinsya. Hindi siniseryoso ni Suarez ang pakikipagdayalog sa samahang magbubukid, sa halip itinuturing silang kalaban dahil ibinilang ang mga progresibong samahan na ito sa listahan ng terorista ng NTF-ELCAC.

Sa panahon ng rehimeng Duterte, inilantad ng mga Suarez ang pagiging masugid na anti-komunista at anti-mamamayang mukha nila. Suportado at nangunguna si Danny Suarez sa Provincial Task Force to End Local Communist Armed Conflict. Sumasalig siya sa operasyong kombat ng AFP para sa pagkakamit ng kapayapaan. Ito ang tinalakay niya sa kanyang kolum sa Manila Standard na may pamagat na The Road To Peace noong 2019. Promotor siya ng mga pekeng pagpapasuko sa lalawigan.

Kinikilala din niya ang tinatawag na localized peace talks ng AFP at PNP, gayong dapat ay may sapat siyang kaalaman na hindi ito maaring umiiral batay sa prinsipyo at kaayusan ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP. Ang kamangmangan o pagmamaang-maangan ni Danny Suarez sa proseso ng peace talks ay lalong tumingkad nang pirmahan niya ang deklarasyong persona non grata ang CPP-NPA sa lalawigan noong September 2019.

Alam dapat ng gubernador na hindi saklaw ng anumang batas ng reaksyunaryong gubyerno ang CPP-NPA, kung gayon ay walang anumang kabuluhang ligal ang deklarasyong ito, pangmasahe lamang ito sa machong utak ni Duterte at utak-pulburang mga Heneral ng NTF-ELCAC.

Noon pang 2016, nakiloko na ang mga Suarez sa Regional Peace and Development Council nang ideklara nilang conflict manageable and ready for development na ang lalawigan. Ipinarada nila ang mga surenderee daw na NPA na ang totoo naman ay mga sibilyang magsasaka na inengganyo nila sa pabuya na hindi rin natanggap o kung nakatanggap man ay hindi na kumpleto dahil sa anomalya.

Sa kabilang banda, ang humahamon sa kapangyarihan ng mga Suarez na blokeng Tan ay mga dati ring nasa bakuran ng una, pero nitong bandang huli ay nagsimulang magtayo ng sarili nilang pampulitikang impluwensya at kapangyarihan. Kilalang malaking negosyante at kontraktor ang mga Tan na may pag-aari ng ospital at construction company na nasa iba't ibang pangalan na direktang nakikinabang sa pondo at proyekto ng Department of Public Works and Highway.

Regional director ng DPWH

> **Parehong armado at mapanganib ang nagriribalang paksyong pampulitika sa lalawigan. Parehong nagtitipon ng sarisariling maton na protektado ng pulisya at militar para gumamit ng puwersa at karahasan. Parehong may pinapalang nakatimbon na salapi para ipambili ng boto.**

Region I ang asawang inhinyero ni Congresswoman Helen Tan. Kamakailan ay nasangkot ang Kongresista sa akusasyong korupsyon dahil sa hindi natuloy na proyektong pangkalsada sa kahabaan ng Maharlika Highway kaya pinaiimbestigahan ni Digong Duterte.

Ang mga pagtangkilik ni Helen Tan sa karapatan ng kababaihan at usaping pangkalusugan ay may kapakinabangan sa kanilang negosyong pangkalusugan at medikal, ito rin ang battle cry ng mga Tan para akitin ang mamamayang Quezonin na suportahan sila sa paparating na halalan.

Sa kongreso, nag-sponsor siya ng panukalang batas ng pagbubuo ng isang trust fund na mangangasiwa sa bilyong pondo ng coco levy funds, kaya nga lamang, hindi ito katulad at hindi ito tumutugon sa ipinapanawagan ng maralitang magniniyog na tuwirang paghawak sa pondo at pamamahagi nito sa 3.5 milyong pamilyang magsasaka sa niyugan ng buong bansa.

Planong ipasa ni Helen Tan ang pagiging kongresista sa ikaapat na Distrito sa panganay niyang anak na lalake. Todo-todo ang panliligaw ng mga Tan sa mga pulitikong hindi na bastante sa nakukuhang pakinabang at impluwensya mula sa mga Suarez. Matunog ang usap-usapan na nagpapaagos ng maraming pera ang mga Tan para kabigin at/o paatrasin ang mga maka-Suarez.

Anuman ang kahinatnan ng Eleksyong 2022 walang maaasahang pundamental na pagbabago sa hirap, api at busabos na kalagayan ng lalawigan, bansa at sambayanang Pilipino.

Rebolusyon pa rin, at hindi eleksyon ang solusyon sa kasalukuyang krisis na kinakaharap ng bansa. Kailangang patuloy na magpunyagi ang sambayanang Pilipino upang palakasin ang Partido Komunista ng Pilipinas, New Peoples Army at mga rebolusyonaryong organisasyon ng mamamayan at dalhin ang rebolusyonaryong pakikibaka sa bago at mas mataas na antas hanggang maibagsak ang kasalukuyang mapang-api at mapagsamantalang estado ng imperyalismong US, malalaking pangunahing maylupa't burgesya kumprador at mga burukratang kapitalista.

Krusyal ang mga paparating na araw at buwan bago ang Eleksyong 2022. Kasabay ng paghahanda ng Suarez at Tan, dapat ring maghanda at magpalakas ang mamamayan sa pakikibakang bayan hanggang pakikibakang elektoral.

Kagyat na tungkulin ang paglaban at pagbigo sa JCP-Kapanatagan at pagpapabagsak sa rehimeng Duterte. Nararapat na tipunin ang buong lakas at pagkakaisa ng sambayanan para gampanan ang tungkuling ito. Nararapat na biguin ang maitim na hangarin ng paksyong Duterte at kanyang kampon na patuloy na makapaghari lampas 2022. Nararapat na biguin ang kasuka-sukang plano nitong iluklok ang kanyang anak na si Sara o sinuman sa kanyang pinili sa pagkapresidente.

Nararapat na tiyakin ng mamamayan ng Quezon na maibagsak sa kapangyarihan at mapapanagot ang mga pulitikong kasapakat ng rehimeng Duterte sa pandarahas at pagpapahirap sa mga Quezonin. Upang magawa ito, kailangang buuin ang malawak na nagkakaisang hanay ng mamamayan sa lalawigan na lumalaban sa rehimeng Duterte, kabilang ang mga pulitikong nagmamahal sa kapakanan ng mga Quezonin at sambayanang Pilipino.

Sa ganito, ang mamamayan ay patuloy na makalalahok sa usaping panlipunan para higit na mapalakas ang paggugubyernong nakabatay sa suporta at interes nila. Dapat na maging mapaggiit sila sa pagsusulong ng kanilang mga kahilingan at matapang na tumutol sa patakaran at programang hindi para sa kanila.

Sa kabilang banda, malalim na ang ugat at marami nang binhi ng demokratikong gubyernong bayan sa mga baryo at bayan ng kanayunan ng Quezon na may tiyak na mandato na nagmula mismo sa nasasakupan nitong mamamayan. Ang pag-iral ng sariling gubyerno at armadong pwersa na nagtatanggol sa kanyang teritoryong nasasakupan, nagpapatupad ng sariling batas, kaayusang publiko at pagbubuwis, at nagtataguyod ng sistema ng hustisya na patas at kumikilala sa pantay na karapatan ng lahat – ang tunay na alternatibong landas para sa mamamayan ng Quezon.

Malinaw na nilalaman ng Programa Para sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan ang higit na superyor na mga plano at programa para sa pagpapaunlad ng lipunang Pilipino sa mga larangan ng pulitika, ekonomya, kultura at usaping panlabas.

Hanggang sa muli, giliw kong mambabasa! Mag-ingat sa Covid-19. Labanan at biguin ang FMO!

### Ukol sa Hablahang Suarez, et.al

# Karnabalbalan



Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng Apolonio Mendoza Command-NPA-Quezon

*Kuhang-kuha ng mga strategist ng kalaban sa pulitika ng kampong Suarez ang kiliti ng madlang tagapanood sa maaga nilang electioneering na nagkukubli sa paghahabla sa mag-amang Danny at Jay-Jay Suarez at mag-asawang Bokal Doray at Jeson Tan, na diumano'y protektor ng mga rebelde.*

*Natunghayan ng sambayanang Pilipino na hindi mauubusan ng bala ang gubyernong Duterte kung paano sisirain at pababagsakin ang mga kalaban sa pulitika — red tagging ngayon, at hindi na lamang paghahanay sa listahan ng mga may kaugnayan sa iligal na droga.*

*Noong March 12, nagsampa sa Ombudsman ang nagpakilalang "mga dating may mataas na katungkulan sa komunistang NPA" ng kasong kriminal at administratibo laban kina Gov. Danilo Etorma-Suarez, kanyang anak Second District Rep. David Jay-Jay Suarez, at Provincial Board Member Rhodora Blas-Tan at kanyang asawa Jeson Haboc-Tan.*

*Ang mga naghabla ay sina Rufino Callanta at Sonny dela Cerna, na ayon sa kanilang affidavit ay mga dating NPA. Si Callanta ay nagsasabing siya ay battalion commander ng Komunistang NPA Hukbong Makabayan at Makabansa (HMM) Southern Luzon Operation Wing na nasa Rizal, at si dela Cerna ay NPA Guerilla Squad Team ng HMM na nasa Quezon at Laguna.*

*Limampu't dalawang taon na ang New People's Army, isang bukas na aklat na sa sambayanang Pilipino ang pangalan ng mga command unit nito sa bawat rehiyon, lalawigan at mga larangan. Sino ang hindi mauutas-sa-tawa sa mga kinakatawang organisasyon ni Callanta at dela Cerna? O sa pinakamenos ay magkukunot-ng-noo at magdududa.*

*Matapos magsaliksik ng AMC-NPA sa roster ng kanyang kasapian, walang makapagkumpirma na mga dating NPA ang dalawa. Ni wala ngang mapagkumpirmahan ng tunay na pagkatao nila.*

*Marami pang kakatwa at katawa-tawa sa affidavit ng dalawa na matibay na sanang dahilan para kwestyunin ng Ombudsman ang pagiging makatotohanan ng habla. Masasayang ang panahon at espasyo ng pahayag na ito kung iisa-isahin ang kabulaanan at kabalbalan ng habla.*

*Malaking hamon din sa media community kung papatulan nila ang mga istoryang ito.*

*Ang malinaw lamang na katotohanan sa pinakahuling palabas ay malapit na ang eleksyong 2022. Simula na ng batuhan-ng-putik.*


*Sabagay, ang mga nakahablang pulitiko, ang naghabla, ang makinaryang nasa likod ng pagdidemanda, at ang korteng pinagsampahan ng kaso ay pare-parehong bahagi ng karnabal at kabalbalang kasasabikang panoorin at abangan ng mahihilig sa mala-teleseryeng palabas.*

*Walang makikinabang sa palabas na ito kundi sila-sila rin. Media mileage sa magkakalabang kampo at sukatan ng katapatan ng mga alipores ang resulta nito para sa konsolidasyon ng kanilang makinaryang elektoral.*

*Siguradong kahihiyan ang aabutin ng Ombudsman sa hablahang ito, kung hindi man ay mapapasama sa patas ng inaagiw na mga kaso ang naturang demanda.*

*Sa ganito, anuman ang kahihinatnan ng demandahan at darating na eleksyong 2022, walang maaasahan ang mamamayan sa lalawigan at buong bansa na pundamental na pagbabago sa hirap, api at busabos na kalagayan ng sambayanang Pilipino na lalong pinapalala ng krisis pang-ekonomya at pampulitika sa panahon ng pandemyang Covid-19.*

*Rebolusyon pa rin, at hindi eleksyon ang solusyon sa kasalukuyang problema ng lipunang Pilipino. Walang ibang paraan kundi patuloy na magpunyagi ang sambayanan sa pagpapalakas ng armado at di-armadong paglaban sa militaristang rehimen ni Duterte.*



# Perwisyo ang Dala ng Barangay Development Program

Hindi na mabilang sa daliri ang karanasan ng masang anakpawis sa lalawigan sa tuloy-tuloy na paggamit ng reaksyunaryong gobyerno sa mamamayan para sa pakinabang ng mga nakaupo sa kapangyarihan.

Muli na namang pinatunayan ng rehimeng Duterte na ang katapusan ng bawat kontra-insurhensyang Oplan ay korapsyon at panunupil. Isa ang lalawigan ng Quezon sa sinasabi ng Southern Luzon Command ng Armed Forces of the Philippines na balwarte ng rebolusyonaryong kilusan kung kaya isa ang lalawigan sa lalaanan ng pondo mula sa NTF-ELCAC sa tabing ng proyektong Barangay Development Program o BDP.

Ang BDP ng rehimeng US-Duterte ay naglalayong laanan ng P20 Milyon ang mga cleared barangays, ibig sabihin nila ay mga barangay na "nalinis na sa presensya at naalisan ng impluwensya ng CPP-NPA". Ilalaan ang pondo para sa pagpapagawa ng mga eskwelahan, health stations, kalsada, patubig at pagtatanim ng punong-kahoy.

Layon ng BDP na ipatupad ang huling yugto ng "clear-hold-consolidate-develop" ng JCP-Kapanatagan sa pamamagitan ng pagmumudmod ng pondo sa mga opisyal ng barangay na may kabuuang P16.44 bilyon na mula sa badyet ng NTF-ELCAC.

Gagawing praktisan ng mga berdugong militar ang mga baryo para sa kanilang mga bagong mga kagamitang militar na inutang sa mga bansang amo ni Digong. Tulad ng E-CLIP at iba pang mga programang ibinabandera ng AFP, korapsyon lamang ang ihahatid nito sa ating bansa.

Ang tunay na layon ng programa ay kontrolin ang mamamayan at palawigin pa ni Digong Duterte ang kanyang kapangyarihan lampas sa 2022 – sa paraang suhol. Walang dili't iba ang BDP kundi suhol sa mga barangay. Ang kontrol sa mga barangay ang pinakamahalagang pamamaraan sa pagkontrol rin sa katapatan, na sa tunay na kahulugan ay – boto – para sa paparating na Eleksyong 2022.

Pinakamalaki ang inilaang pondo sa probinsya ng Quezon sa buong Region 4-A kung saan umabot sa 16 na baryo ng 5 bayan ang makakatanggap ng pareparehong P20M. Katumbas ito ng 53.3% kabuuang pondo sa Calabarzon.

Samantala, kapansin-pansin na 14 sa mga barangay ay matatagpuan sa South Quezon-Bondoc Peninsula. Sa mga naturang barangay ay naganap ang mga labanan sa lalawigan noong nagdaang taon. Dito rin nakapagtala ng pinakamaraming bilang ng paglabag sa karapatang pantao mula manungkulan si Duterte.


Sa mga barangay ng San Vicente Kanluran at Suha sa Catanauan na itinuturing na "cleared barangay" naganap ang labanan sa pagitan ng NPA at 59IB noong Marso 15, 2020 at Oktubre 17, 2019, ayon sa pagkakasunod. Sa barangay Lavidez ng General Luna naman nangyari ang labanan noong October 29, 2020.

Tampok naman ang pangyayaring pekeng pagpapasuko sa barangay Nasalaan ng San Francisco noong November 2018 na pakyawan, sapilitan at mapanlinlang na ginamit ang 14 na sibilyan para sa kanilang programang ECLIP. Ipinangako ng mga sundalo ang napako nang isang sakong bigas at 3 biik ng baboy. Sunod-sunod naman ang mga kaso ng pandarahas at pananakot para mapaloob sa kanilang kampanyang pagpapasuko, katulad ng pangyayari sa mga magsasaka, kabataan, at kababaihan ng Brgy. Ibabang Cambuga ng Mulanay at Brgy. Buenavista ng San Narciso noong July 2020 at Enero 2021.

Sa bayan ng San Francisco na isang second class municipality na matatagpuan sa dulong bahagi ng lalawigan ng Quezon, iba't ibang mga proyekto na ang ipinatupad ng rehimeng Duterte ngunit nananatiling dito matatagpuan ang pinakamahihirap na tao sa buong lalawigan.

Ang barangay Nasalaan, Pugon at Pagsangahan ang mga baryo na kabilang sa talaan ng BDP na matatagpuan sa dulong bahagi ng bayan padikit sa Tayabas Bay. Kalakhan ng tao sa lugar ay mga Bisaya na nagmula sa uring magsasaka na nakipagsapalaran para magkaroon ng ikabubuhay. Kadalasan pinagkukuhaan nila ng kabuhayan ay magmumula sa mais, kopra at pag-uuling.

Walang sariling lupa ang mga magsasaka at kalakhan sa mga ito ay tenante sa mga asyenda. Walang depinidong pagkakabuhayan, lalo na ng salantahin ng sunod-sunod na kalamidad tulad ng tagtuyot at bagyo, at pandemya hanggang ngayon.. Bukod pa ang mababang presyo ng produktong bukid na ipinapatupad sa lokalidad. Sa ganito karalitang barangay, hindi tinutugunan ng 20 milyong pisong pondo ang tunay na pangangailangan ng mga residente.




Ang mga sumusunod ay talaan ng barangay sa ilalim ng BDP:

1. Lopez: (Cawayanin, Mabanban, Sta. Catalina)
2. Catanauan: (San Pablo Suha, Doongan Ilaya, San Vicente Kanluran
3. Mulanay: (Ibabang Cambuga)
4. San Narciso (Buenavista)
5. General Luna (Lavides, Recto, Sumilang)
6. San Francisco (Pugon, Nasalaan, Pagsangahan)
7. General Nakar (Lumotan, Pagsangahan)

Ang mga nabanggit na barangay sa itaas ang sinasabi ng rehimeng natanggalan na ng impluwensya ng kilusan. Labing apat sa mga baryo sa itaas ay meron nang sariling mga eskwelahan, kaya kalokohan ang 3 milyon na ilalaan ng BDP para sa pagtatayo ng paaralan. Halata rin na hindi pinag-aralan ang alokasyon ng pondo dahil kung hahatiin ito sa bawat residente – sa pinakamaliit na baryo, P36,764.70 kada tao, habang sa pinakamalaking baryo ay P2, 663.82 kada residente.

Nangangarap ng gising si Parlade at Duterte kasama ang buong NTF-ELCAC na magagawa nitong alisan ng impluwensya ang malalim nang nakaugat na pagmamahal ng mga Quezonin sa Bagong Hukbong Bayan at Partido Komunista ng Pilipinas

# Pagpapabaya ng Gobyernong Duterte sa Paglaganap ng ASF

Sa pagpasok ng taong 2020, sinalanta ng nakamamatay na pandemyang sakit ang buong daigdig. Kasabay ng pangkalusugang suliranin na COVID-19, lumaganap ang pandemyang sakit sa mga baboy, ang African Swine Fever o mas kilala na ASF. Ito ay kumakapit at nakamamatay sa mga alagang baboy ng mga magsasaka at mamamayan na nagdudulot ng malaking pinsala sa kabuhayan. Sing-aga pa lamang ng Agosto 2019 nalaman na nakapasok ang sakit na ito sa bansa ngunit hanggang sa kasalukuyan wala pang natutuklasan na bakuna para dito kaya tinuturukan ng gamot para patayin na ang mga baboy upang pigilan ang paglaganap ng ASF.

Tulad ng COVID-19, isa itong virus ngunit hindi nakakahawa sa tao kundi kumakapit lamang sa mga baboy at wala itong epekto sa tao. Ang parehong sakit ay nagsimula sa bansang China, ang pinakamalaking prodyuser, importer at komukonsumo ng baboy sa buong daigdig. Bagamat una itong lumaganap sa Kenya noong 1921, isa pa lamang itong epidemya noong panahon na iyon.

Sa kasaysayan ng daigdig, mapapansin na lumalaganap ang mga virus tulad ng ASF sa mga kapitalistang bansa na matatagpuan ang mga dambuhalang babuyan, manukan at rantso na malawakan ang paggamit ng mga kemikal na imbes magpalakas sa hayop ay nagiging mahina ito sa mas matitinding sakit.

Sa parehong sakit na COVID-19 at ASF, nagsimula ang mga pandemyang sakit sa mga bansang malawakan ang pagkasira ng kagubatan at kalikasan.

Sa kasalukuyan, tinatayang aabot na ng tatlong milyon ang pinatay na baboy sa Pilipinas para pigilan ang pagkalat ng sakit. Hindi pa kasama dito ang hindi nakalistang mga nag-aalaga ng baboy. Kabilang sa mga apektado ang negosyo at hanapbuhay sa babuyan ay ang mamamayan sa probinsya ng Quezon.

Nasa mahigit 2,400 barangay mula sa 40 probinsya na ang apektado ng ASF.

Ayon sa pananaliksik sa ilang mga bayan sa Quezon, sa isang baryo ay siyam sa bawat sampung pamilya ang nag-aalaga ng baboy. Isa ito sa pangkaraniwang inaalagang hayop liban sa kabayo, baka at kalabaw. Isa sa pinakamabilis na pinagkukuhanan ng kabuhayan at pera ng mga magsasaka. Sa linang, karaniwang inaalagaan ay mga native na baboy sa kanilang mga bakuran.

Sa panayam sa isang magsasaka na nag-aalaga ng native na baboy ang gastusin ay ang sumusunod:

| Tipo ng Baboy | Pakain | Presyo ng Pakain | Panahon Bago Maibenta o kailangan ng pakain | Gastos | Kabuuang Gastos |
|---|---|---|---|---|---|
| Inahin (Buntis) | Burutsao | P35/ kg | 1 kalahating buwan | P525 | P975 (Buntis) |
| | Ipa | P30/balde | | P450 | |
| Inahin (Nakahiwalay) | Purina | P25/ kg | 7 buwan | P2,625 | P8,760 (Nakahiwalay) |
| | Feeds | P45/ kg | Kalahating buwan pagkapanganak | P675 | |
| | Darak | P650 / sako | 7 buwan | P5,460 | Kabuuan: P9,735 |
| Lechunin | Darak | P650 / sako | 6 buwan bago ibenta | P5,850 | |
| | Ipa | P30 / balde | | P2,700 | |
| | Purina/Starter | P45/ kgo | | P4,050 | P12,600 |

Noong di pa tumatama ang sakit, ang karaniwang presyo ng pagbili o pagbebenta ng baboy ay aabot ng:

| Tipo ng Baboy | Presyo ng Baboy sa buhay | Presyo ng Baboy sa Karne | Kabuuang Gastusin |
|---|---|---|---|
| Inahin/Dumalaga/Barako | P6,000 - P7,000 | P180 /kilo | P9,735 |
| Lechunin | P3,000 - P4,000 | | P12,600 |
| Biik | P1,000 | | |

Mayroong dalawang klase ng baboy, native at hybrid. Mas maraming pangangailangan sa pakain at gamot ang hybrid kaysa sa native. Sa pinakamabuti, dapat hitik sa pakain ang baboy para lumaki at gumanda ang katawan nito na magtatakda ng taas at baba ng presyo.

Ngunit sa kalagayang halos bawi o di kaya ay lugi pa ang nag-aalaga ng baboy sa laki ng gastusin sa pakain pa lamang karaniwang nagiging alternatibong pakain ang sapal ng niyog at dahon ng gabi para makatipid ang mga nag-aalaga. Kaya kalimitan sa ganyang presyo ng gastusin, hindi nasusunod ang dapat na pakain sa baboy.

Mapapansin na mas sa pagbebenta ng biik tumataas ang kita ng nag-aalaga ng baboy dahil wala o kung mayroong man kakaunti ang gastusin para dito. Sa kasabihan nga ng mga magsasaka, ang pag-aalaga ng baboy ay parang alkansya lamang.

Habang sa kasalukuyang panahon ng paglaganap ng ASF ang karaniwang presyo ay ang sumusunod:

| Tipo ng Baboy | Presyo ng Baboy sa buhay (wala pang ASF) | Presyo ng Baboy sa buhay (panahon ng ASF) | Presyo sa karne (wala pang ASF) | Presyo sa karne (panahon ng ASF) |
|---|---|---|---|---|
| Inahin/Dumalaga/Barako | P6,000 - P7,000 | P2,500 | | |
| Lechunin | P3,000 - P4,000 | P1,200 | P180 /kilo | P150 /kilo |
| Biik | P1,000 | P800 | | |

Wala pa sa kalahati ng dating presyo ng baboy ang bentahan sa panahon ng paglaganap ng ASF. Higit na tumindi pa ang pagkalugi ng lumaganap ang sakit na ASF dahil walang nagbago sa gastusin habang nagbago naman ang presyo ng bentahan ng baboy na may kaso pang minsan ay wala nang bumibili dahil sa takot ng mga tao na may sakit ang baboy. Lalo na sa kasalukuyan, na halos ubos ang mga baboy sa mga baryong tinamaan ng ASF kaya't tumaas din ang presyo ng bentahan ng karneng baboy.

Sa mahigit isang taong paglaganap ng sakit na ASF, tulad ng palpak na hakbangin na lockdown sa sakit na COVID-19, walang naging makabuluhang pagtugon ang Rehimeng Duterte at ang kinatawan nitong si Gov. Danilo Suarez sa probinsya ng Quezon upang mapatigil ang pagbaba ng kaso ng pagkamatay at hawahan ng sakit sa mga baboy at kompensasyon o ayuda sa mga nag-aalaga ng baboy. Isandaang porsyento (100%) pa din ang mortality rate o tantos ng pagkamatay ng mga baboy na nahahawahan. Halos paubos na ang baboy sa mga barangay. Sa dalawang bayan ng Gumaca at Lopez, 7 sa 10 magsasaka ang napinsalaan sa palpak na pagtugon ng gobyerno sa pagsugpo ng sakit na ASF.

Habang noong una, mayroong pangakong ibibigay ang Department of Agriculture na limang libong piso (P5,000) kada baboy na namatay dahil sa ASF ngunit 1 taon na ang nakalipas, isang magsasaka lamang sa aming mga nakapanayam ang nagsabing nakatanggap siya. Ani nga ng isang nanay na magsasaka, "sabi nila may ibibigay pero wala namang dumating".

Sa bayan ng General Luna, mayroong ipinapamahaging 60 pirasong pugo at 2 sakong pakain nito o di kaya ay itik at/o kuneho bilang pamalit sa mga namatay na baboy. "Wala namang pakinabang ang ipinalit nila. Kapag hindi binilhan ng feeds, hindi nangingitlog. Magastos. Sana nilaga ko na laang 'yung pugo, nakain ko pa", komentaryo ng isang nabigyan ng nasabing alagang pugo.

Hindi rin ito lumutas sa problema sa kabuhayan dahil wala namang naiayos na pamilihan para sa mga produktong itlog nito. Ayon sa isang survey, 9 sa 10 magsasaka ang naniniwalang wala ng ayudang ibibigay ang gobyerno para sa mga napinsala ng ASF na baboy.

Kaya hindi rin masisisi ang mga magsasaka na itago sa pulisya ang kanilang baboy sa takot na turukan ito at hindi man lang mapakinabangan.

Ani nga ng isang Kapitan ng Sangguniang Barangay sa Lopez, "Sa totoo lang, hindi kayang ibigay ng gobyerno ang 5,000 na iyan sa dami na ng namatay na baboy. SAP pa nga lang na 6,500 kada pamilya para sa COVID, pahirapan pa sa pagbigay na may pondo naman."

Malakas na ang hinaing ng mga magsasaka sa bigat ng dagan ng kawalan ng pagkukuhanan ng pang-araw-araw na pangangailangan at hanapbuhay. Anila, mula sa dating kahit kaunti ay may napagkukuhanan sa baboy, ngayon ay mas tumindi at lugmok na ang kabuhayan ng tao. Wala nang masulingan sa usapin ng hanapbuhay sa kalagayang kahit sa paglulukad ay hindi na maasahan sa kawalan ng bunga at presyo.

Nananawagan ngayon ang mga magsasaka sa lalawigan ng Quezon sa pamprobinsyang pamahalaan ni Gov. Danny Suarez ng dagdag na ayudang pera. Sa kuwentada ng organisasyong Ibon Foundation, kailangan ng P10,000 kada buwan sa susunod na tatlong buwan ng pinakamaralitang pamilya sa bansa para makaagdong sa panahon ng krisis at pandemya.



# Mga Tula sa Gitna ng Digma

## Sawikain

Wika ng matatanda sa batang musmos:
Kung maiksi ang kumot,
Matutong mamaluktot.
Nagkagula-gulanit na ang kumot,
Naumay na sa pamamaluktot
Ang pobre kahit magsikap
Utang at utang pa rin ang inaabot.

Sa umaga'y yayao si ama patungo sa bukid,
Yaring dampang pawid
Sa kalawakan ng lupa ay sampid.
Walang katiyakan sa lupang kinatitirikan.
Walang katiyakan sa buhay na arimunan.

Gagamas, gagapas, dadayo ng araw
Sa huli'y mas malaki pa ang gana ng kalabaw.
Maghapon hihikap,
Maghahanap ng matrabahong pitak.
Buong buhay nang sa tubigan ay nakayukod,
Wari bang sa langit ay naninikluhod.
Dito na nalaspag ang magkabilang tuhod.
Dito na nagkandakuba't nilamig ang likod.

Kaylawak ng tubigang bumubukal ng yaman,
Mga gintong butil na buhay ng sambayanan.
Ngunit ang mga palad na nagpala sa linang,
Nangulubot na't sukat sa kawawang kapalaran.

Kung may tiyaga ay may nilaga,
Wika pa nila.
Ngunit sa lupang kami ang nagtiyaga,
Kabahagi'y utang sa maylupa ang nilaga.

Sa palasak na aral nitong pagtitiis,
Luha, dugo at pawis
Bumaha na nang labis-labis.
Ano pa kayang pamamaluktot ang nais,
Makatikim man lang ng kaunting tamis?
Anu pa kayang tiyaga
Ang katumbas ng hangad na lupa?
Mayaman lang ang yumayaman,
Ang mahirap bagkus nasasadlak sa kahirapan.

Ngunit sabi rin nitong salawikain,
Kapag puno na ang salop, kailangan nang kalusin.
Ang api'y di laging pipi at bingi,
Kaapihan ang gumising sa kamalayang makauri.
May lakas ang dukha
Sa mga palad niyang gumagawa.
Mga bisig na nagyaman sa lupa,
Magbibigkis at lilikha
Ng kapangyarihang wawasak
sa ipinataw ninyong tadhana!

## Wiling Willie

"Hindi na muna ako," magalang n'yang pasubali.
"Maedad na't bingi," iling-ulo sa pagtanggi.
Katakut-takot na paliwanag, masuyong paanyaya
Inakit ang matanda, nang sa Hukbo'y humunta.

Marami siyang aral, takot at pagkadalâ
Ayaw nang paabala, dahil sa danas na mapakla,
Mula sa kaaway na nandahas sa kanila
"Hindi na muna ako," ilang ulit pang wika.

Pero maya-maya pa'y eto't sumalampak na
Ningning ng alaala kanya na ring inihunta
Isa-isang binuklat na tulad ng pahina
Kaharap n'yang Hukbo nakinig, namangha

Unti-unting ibinahagi mga karanasan noong una,
Nakalimutan nang magsusuga pa siya ng baka.
Nawili na ngang tunay ang Willing matanda,
Sa muling pagtitiyap sa Hukbo ng magsasaka.

Malugod na binahagi ang karanasang maningning,
Masaklap kung tutuusin, mapait sa damdamin
Pero kakatwa ito kung kanyang alalahanin.
Mata'y kumikibot waring may apuhap sa dilim

Makailang ulit siyang ipinatawag sa kampo,
Ng mabalasik na sundalo, ngala'y Albarico,
Minsan nga'y bitbit pa ang tinapay na panlako.
Gaunti nang amagin tumigas na parang bato

Binbin hanggang alas-dose, interoga buong gabi.
Nakatala umano siya sa nalaglag na pabili,
Na napulot raw man din sa naganap na labanan.
Pano ika malalaglag, ganito ang katwiran:

"Ay di naman nawawala ang aking pangalan!
Heto nga Ser ako'y inyong tinawag na naman!
Baka ang nalaglag ay listahan ng utang
Dyuskong mahabagin, ako'y patawarin naman."

**Tala ng Editor:** Tampok sa isyung ito ng Diklap ang dalawang tula ni Adel Serafin. Mga akda ito na sa gitna ng bangis ng gera ng Rehimeng Duterte ay nahahanapan ng makata ng aliw at kasiyahan ang pagtula. Huling-huli ni Adel Serafin ang nais ng masang mambabasa -- ang libakin ang kaaway ng rebolusyon habang dinadakila ang buhay-at-kamatayang pakikibaka nila.

Sa tulang Sawikain, naglaro ang makata sa mga pamilyar na kasabihan na siguradong mauunawaan ng taumbaryo. Sa tula namang Wiling Willie, mahusay na isinalaysay ang karanasan ng magsasakang datna't-panawan ng NPA ay lalagi't lalaging magrerebolusyon.

Binago ng Editor mula sa orihinal na anyong spoken word ang ikalawang tula tungong tradisyunal na panulaan. Hinihikayat namin ang mga mambabasa na itanghal ito sa inyong mga pagtitipon. Sigurado kaming ang mga tula ay tunay na kawiwilihan!

Sa huli ang pakiusap at hirit ng matanda
"Aba'y bayaran ninyo Ser ang aking paninda,
Kainamang abala! Pandesal ko bagang tinda,
Hatinggabi na'y, aruuu, inilalako ko pa!"

Minsan baryo'y kurdon ng kaaway sa operasyon,
Paano'ng gagawin, sa mensaheng nakabalumbon
Tiklop na papel sa laylayan ng damit isinisilid
Bistado na ni Ser, kapkap kada singit-singit!

Ngunit hindi padadaig sa talas ng isip,
Binutasan sa gitna ang bayabas na matamis,
Maingat na isiningit, sulat ay isiniksik,
Bago'y ibinala, hinaklit ang paltik

Sabay tira pauna, pigil-pigil ang hininga
Nerbyos ang sipol ng walang-tonong kanta
At pag nakalagpas na sa kordon ng pasista
Dampot si bayabas, ngiti ay abot-taynga.

Matanda na ika ako, intindihin mga kasama.
Sa ating rebolusyon, "Anu'ng hirap ko na!
Kung maaari nama'y huwag na akong ipaloob
Sa grupo, samahan, anumang pagbubuklod."

Ngunit maya-maya, tuloy nang nagrekomenda,
Ito ika ang mga maaayos pa nating masa.
Panay ring paalala, mga dapat iwasan,
Magarang lusutan, may tubig na puwestuhan

Di na kailangan pang mamutawi sa bibig
Sa kabila ng agam at pagdadalwang-isip
Ang rebolusyon sa puso, tuloy, dumadaig
Kalamay na nakapagkit, ay inam ang kapit!

Di ito mahihiklat tulad ng pagkakaupo
Papaalam, tatayo, titighim, muling uupo
Di na umagwat sa kinasabikan n'yang Hukbo
Muling aasamin, tagumpay nilang pangako!

## DIKLAP PIDBAK

Anong mga balita at kuwento ang nais ninyong mabasa sa ating rebolusyunaryong pahayagan? Anong masasabi ninyo sa pinakahuling isyu ng Diklap? Para sa mga komentaryo, puna, kontribusyong artikulo at likhang-sining na nais iambag sa Diklap, makipag-ugnayan sa pinakamalapit na pulang-himpilan ng NPA sa inyong lugar. Maari ring mag-email sa diklapquezon.ph@gmail.com

# Bakuna




Nasa panahon pa rin tayo ng pandemya, halos isang taon na simula nang ideklara ang militaristang lockdown ng rehimeng Duterte dahil sa pagkalat ng nakakahawang COVID-19. Pero hanggang ngayon wala pa ring kaseryosohan at pagmamadali ang rehimeng Duterte na gumawa ng mga angkop na hakbangin para sa mamamayan.

Kahit pagkalipas ng isang taon kung saan ay usapin na sa pagbabakuna ang pangunahing pinag-uukulan ng pansin sa buong daigdig ay makikita ang kamangmangan ng rehimen kung paano mapapangalagaan at maaagapan ang pagkakasakit ng sambayanang Pilipino. Walang malasakit si Duterte sa mga tinatawag na frontliners at mga senior citizen na mas mabilis na pwedeng mahawahan o makapitan ng COVID-19.

Bali-balita nang may paparating na mga bakuna mula sa donasyon ng Tsina. Pero dahil 50.4% lamang ang napatunayang bisa ng bakuna ay idineklara itong hindi puwedeng iturok sa mga frontliners at senior citizen. Kung kaya't pipilî na lamang ang gubyernong Duterte kung kanino ito ituturok.

Nagpapakita ito na walang sentral na plano ang rehimen para sa bakuna. Dahil hindi nilaanan ng sapat na pondo, huling-huli parin ang bansa kung paano kagyat na malapatan ng lunas ang pandemya. Katulad nang pagsisimula ng COVID-19 hanggang sa kasalukuyan – kapalpakan, kamangmangan at korapsyon pa rin ang namamalas ng taumbayan sa halip na kaseguruhan para sa kanilang kalusugan at kaligtasan.

Sa ganitong kalagayan, kailangang malinaw sa ating lahat kung ano ba ang bakuna.

Ang bakuna ay paraan ng panggagamot para palakasin ang produksyon ng antibodies ng ating katawan at magkaroon ng panlaban sa mga sakit at maging handa ang katawan para malabanan ang sakit. Ang paraan nito ay itinuturok o iniiniksyon sa katawan ng tao.

Tunay na mahalaga ang bakuna para lumakas ang katawan ng tao laban sa sakit. Napakahalaga ng katuturan para sa sangkatauhan ng pagkakatuklas ng bakuna.

Kung gayon ay nananawagan ang rebolusyonaryong kilusan sa buong sambayanang Pilipino na kailangan natin na magpabakuna kontra COVID-19. Ito ay para sa kalusugan at kaligtasan ng bawat isa sa buong bansa. Susing hakbangin ang pagpapabakuna upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19. Huwag nating katakutan ang bakuna, makakatulong ito sa atin.

Ngunit kasabay nito, dapat respetuhin ang pasya ninuman batay sa kanilang mga paniniwala sa pagpapabakuna at sa pagpili ng bakunang kanilang ipapaturok.

Hindi ang bakuna ang dapat iwasan at katakutan. Ang dapat na labanan ay ang kawalang pakialam ng rehimeng Duterte anuman ang sapitin ng mamamayan. Ang dapat na ilantad natin ay ang hindi pagpupursige ng gubyernong Duterte na masimulan agad ang pagpapabakuna lalo na sa mga frontliners at senior citizen.

Tandaan natin na gaano man ang porsyento ng bisa ng mga bakuna, ang mahalaga ay magawan ng kagyat na hakbang ang pag-ampat sa pandemya. Mas mabuti na ang may mahinang bisa, kaysa walang-wala. Kailangan din nating malakas na igiit ang libreng pagpapabakuna. Hindi ganito mag-isip ang rehimeng Duterte dahil higit na mahalaga sa kanya ang pulitika at negosyo na nakapaloob sa kasalukuyang karera sa produksyon at distribusyon ng bakuna sa buong daigdig.

Kaya kung may mga gamot nang lumabas na aprubado ang paggamit ng mapapagkatiwalaang entidad, mainam na magkaroon ng pinakamabilis na paraan na mainiksyunan nito ang mamamayan upang maampat ang COVID-19.

Kasabay nito, kailangang mapagpasyang kumilos upang pabagsakin ang rehimeng Duterte para mabigyang lunas ang nagnanaknak na sakit ng lipunang Pilipino. Malulunasan ito sa tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan at sa pagdaluyong ng pagkilos ng sambayanan na magpapabagsak sa pahirap na rehimeng Duterte.

# Ipagdiwang ang buhay at kamatayang pakikibaka ni Ka Marwin – bayani ng sambayanan!




Taas kamaong nagpupugay ang yunit ng Apolonio Mendoza Command-NPA Quezon kasama ang rebolusyonaryong mamamayan ng lalawigan sa pagkamartir ni Kasamang Ronel Batarlo. Siya ay si Ka Marwin ng rebolusyunaryong kilusan sa South Quezon-Bondoc Peninsula, 31 taong gulang, mula sa uring magsasaka sa bayan ng Macalelon.

Namartir si Ka Marwin sa labanan sa Brgy. Masaya, Buenavista noong ika-5 ng Pebrero 2021.

Si Ka Marwin ay ipinanganak noong Abril 19, 1989 sa Brgy. Malabahay, Macalelon. Nagmula sa isang pamilya na may matatag at dakilang paninindigan sa ilang dekada nang pakikihamok ng uring magbubukid para sa pakikibaka sa lupa at pagharap sa terorismo ng mersenaryong tropa ng reaksyunaryong gobyerno.

Bata pa lamang, sa edad na pitong taong gulang ay batid na ni Ka Marwin ang pinagdaraanang pakikibaka ng kanyang angkan.Kasa-kasama siya ng buong pamilya sa pagpapalipat-lipat ng tirahan nang napilitan silang lumikas para umiwas sa banta ng pandarahas ng sundalo.

Ito ang nagtulak sa kanya upang mamulat ang kanyang rebolusyonaryong diwa. Bago siya maging NPA, aktibong gumagampan ng iba't-ibang rebolusyunaryong gawain si Ka Marwin sa lokalidad – naging lider siya ng grupo ng Kabataang Makabayan sa baryo, kalihim ng Sangay ng Partido sa lokalidad at kalauna'y kalihim ng komiteng seksyon.

May likas na pagkakahilig si Ka Marwin sa usaping militar, noong bata pa siya ay sumagi sa isip niya na magsundalo pero magbabago ang ambisyong ito nang maimulat siya ng Bagong Hukbong Bayan. Naging opisyal pampulitika siya ng yunit sa milisyang bayan ng kanilang baryo. Lumahok at namuno siya sa mga matagumpay na taktikal opensiba ng milisyang bayan .

Katulad ng maraming rebolusyunaryong puwersa sa komunidad ng magsasaka, hindi naging madali kay Ka Marwin ang pagpapasya na buong panahong kumilos at gumampan ng rebolusyunaryong gawain. Pero magkaganito man, napakataas ng pagpapahalaga ni Ka Marwin sa kanyang tungkulin sa Partido at Hukbong Bayan sa panahong namumuno siya sa kanilang lokalidad.

Ayon kay Ka Marwin, itinulak ang kanyang pasya na magpultaym dahil sa kilusang pagwawasto. Sabi ni Ka Marwin, tumatak sa isip niya ang panawagang iwaksi ang kaisipang magpakasapat na lamang sa pagkilos sa lokalidad at sa halip ay iambag ang buong panahon at buhay para sa rebolusyon.

Buwan ng Abril, taong 2018 pagkatapos ng kaarawan niya sa yunit ng NPA na kanyang kinasasaniban, nagdeklara siya ng pagpupultaym.

Maraming kasama ang natuwa sa pasya niyang ito. Nagsilbi itong inspirasyon at nagresulta rin sa pagdami ng dagdag na mandirigma sa mga yunit ng NPA.

Sa kanyang ilang taong paggampan ng gawain bilang NPA, nagpamalas siya ng mga katangi-tanging kakayahang mamuno at pangunahan ang mga inilunsad na mga taktikal na opensiba sa mga bayan ng Macalelon, Lopez, San Francisco at San Narciso.

Walang atas na tinanggihan at matapang niyang hinarap ang lahat ng balakid at sakripisyo sa kanyang mga gawain. Kahit sa maiksing panahon, hindi kayang tawaran ang naging ambag ni Ka Marwin para sa pagpupundar at pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusan sa South Quezon Bondoc Peninsula.

Kagawad ng komiteng probinsya ng Partido si Ka Marwin nang siya ay mamartir.

Hindi malilimutan ng masa ang masayahin, matapang, at mapagkumbabang si Ka Marwin. Inspirasyon siya ng sambayanan para lalong paigtingin ang pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya laban sa mga naghaharing uri at mga dayuhan.

Hindi masasayang ang pagbubuwis ng buhay ni Ka Marwin. Patuloy na lilitaw ang mas marami pang pulang mandirigma mula sa hanay ng uring magsasaka na matapat na pinag-alayan ni Ka Marwin ng kanyang kaisa-isang buhay.

# Sulat paghandom sa usa kakaubang martir na si Ka Resty

Si Kaubang Resty mailhan nila siya na usa kakaubang MADASIGON, MALIPAYON, MAULAWON, MAPANGAHASON ug labaw sa tanan si ka Resty adunay maayong gawi sa mga kauban ug sa mga masa. Ug siya usab mahigugmaon sa pamilya labi na sa iyang ginikanan ug mga igsoon. Siya adunay kaugalingong katakos o kahanas na giangkon ug insakto niya na gigamit sa pagsunod sa mga gisangon kaniya na mga gimbuhaton.

Para sa pamilya ni Ka Resty,

Sa buhi pa si ka resty matud niya kung siya mamartir isulti daw namo ang tanan sa iyang ginikanan ug mga igsoon ang rason kung nganong iyang gipili ang pagserbisyo sa katawhan pinaagi sa pagsampa sa kalihukan ug pagkapot sa pusil. Mao kini ang buot ipaabot ni Ka Resty sa iyang pamilya.

“Mahal kaayo niya ang iyang ginikanan ug mga igsoon mao na naningkamot siya sa pagtrabaho taliwala sa iyang kabata pa na panuigon. Iyang gisudlan ang bisan unsang klase na trabaho para lang makatigum og kwarta na iyang mahatag sa pamilya. Apan wala niya damha na pag abot sa panahon iyang mahibaw-an na kulang pa diay ang iyang gibuhat para haw-ason sa kalisod ang iyang ginikanan ug mga igsoon.

Iyang nahimatngonan na ang kalisud na nasinatian sa iyang pamilya susama sa kalisud na nasinatian sa mabagang katawhan. Na ang isa sa pamaagi sa pagwala niining maong kalisud mao ang pakigbisog. Tungod sa iyang pagmahal sa iyang pamilya ug sa iyang kahimatngon wala siya magduha-duha sa pagsalmot sa armadong pakigbisog ug andam siyang muatubang sa pinakataas na kalisdan dinhi na mao ang kamatayon.”

Para sa pamilya ni ka resty MAHAL KAAYO MO NIYA.

Ka resty ang imong lawas lamang ang bugtong nahanaw o dili na namo makauban pero ang imong diwa sa pag-alagad sa katawhan mapabiling nagdilab sa among panumduman ug amo kining ipadayon hangtud sa pagkab-ot sa tinuod na kagawasan aron malingkawas ang tanang katawhan sa kalisud.

Mabuhi ka Kaubang Resty.




Si Ka Resty ay 22 taong gulang na ipinanganak noong Mayo 18, 1998 sa barangay Libertad, bayan ng Hilongos sa lalawigan ng Leyte. Bata pa lamang ay tumutuwang na si Ka Resty sa kanyang mga magulang sa paghahanapbuhay. Dahil sa kahirapan, sa edad na katorse ay nagpasya siyang makipagsapalaran sa Maynila para makatulong sa kanyang mga magulang at mapag-aral ang mga kapatid. Namasukan siya sa iba’t ibang klaseng trabaho.

Dahil sa sistemang kontraktwalisyon, ni minsan, sa dami ng pinaglipat-lipatang trabaho hindi niya naranasan ang magkaroon ng regular na trabaho.

Mula doon ay namulat siya sa tunay na kalagayan. Kaya’t nagpasya siya na ipaglaban ang sahod, trabaho at karapatan ng mga manggagawa. Naging bahagi siya ng pagbubuo ng pagkakaisa ng mga kontraktwal na mga manggagawa sa kanilang pabrika para ipaglaban ang regularisasyon sa trabaho.

Lumahok si Ka Resty sa inilunsad na welga ng kanilang unyon.

Sa pag-unlad ng kanyang kamulatan, Marso 2020 ay nagpasya siyang tumungo sa kanayunan at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.

Si Kasamang Resty ay lagi’t-laging maaalala ng mga kasama at ng masa sa kanyang sigla bilang NPA, dedikasyon at kasigasigan sa paggampan ng gawain. Taglay niya ang katapangan mula sa kanyang pagkakaunawa sa paninindigan at prinsipyo ng pagrerebolusyon.

*Abai*, hinding-hindi ka malilimutan ng mga kasama at ng malawak na sambayanang iyong pinaglingkuran. Mananatili ang iyong mahahalagang ambag sa pagsulong ng rebolusyon at magiging inpirasyon namin at ng malawak na mamamayang api para ibayo pang kumilos, lumaban at ipagpatuloy ang iyong naiwanang tungkulin hanggang sa tagumpay.

Mabuhay ang rebolusyonaryong pag-aambag ni Ka Resty!




Si Larry de Rojas ay magsasaka na taga-Catanauan. Noong 2018, kabilang ang pangalan niya sa mahigit 600 personahe na inakusahan ng Department of Justice na kasapi ng CPP-NPA. Pebrero 2020, iligal siyang inaresto ng pulis at sundalo sa General Luna at sinampahan ng gawa-gawang kasong kriminal. Nakakulong siya ngayon sa Gumaca. Naninindigan ang kapamilya at mga kababaryo niya na hindi dapat mabilanggo ang sinuman dahil lamang sa kanyang pampulitikang paniniwala.

# BIHAG-SALITA

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| H | E | L | I | K | O | P | T | E | R | D |
| K | L | E | O | S | W | D | E | R | S | I |
| A | E | N | O | R | D | B | N | P | A | K |
| L | K | P | E | T | I | S | Y | O | N | L |
| A | S | N | I | P | E | R | R | N | Z | A |
| T | Y | O | B | A | B | E | L | L | X | P |
| A | O | U | S | F | S | O | S | P | C | V |
| S | N | L | C | T | S | I | N | A | M | I |
| N | N | O | Y | S | P | A | R | O | K | V |
| I | I | B | O | M | U | X | L | O | W | A |
| C | A | W | A | M | C | N | P | A | E | C |
| A | F | A | R | K | L | I | D | G | V | P |
| S | P | A | K | A | U | F | R | A | O | P |
| L | U | Y | D | O | M | N | D | B | L | X |
| P | A | N | D | E | M | Y | A | N | A | O |

**1. Baboy**
**2. ASF**
**3. Modyul**
**4. Marwin**
**5. Resty**
**6. Pandemya**
**7. Drone**
**8. Helikopter**
**9. Korapsyon**
**10.Eleksyon**
**11. BDP**
**12. Bakuna**
**13. Tsina**
**14. Petisyon**
**15. Sundalo**

